# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 38
# Mula sa Buhay ni Haring Asa Yugto 1

***“1 Sa gayo'y natulog si Abias na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa bayan ni David, at si Asa na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. Nang kaniyang mga kaarawan ay tahimik ang lupain na sangpung taon.2 At gumawa si Asa ng mabuti at matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon niyang Dios: 3 Sapagka't kaniyang inalis ang mga dambana ng iba, at ang mga mataas na dako, at pinagputolputol ang mga haligi, at ibinagsak ang mga Asera, 4 At iniutos sa Juda na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, at tuparin ang kautusan at ang utos. 5 Kaniya rin namang inalis sa lahat na bayan ng Juda ang mga mataas na dako at ang mga larawang araw: at ang kaharian ay tahimik sa harap niya. 6 At siya'y nagtayo ng mga bayang nakukutaan sa Juda: sapagka't ang lupain ay tahimik, at siya'y hindi nagkaroon ng pakikipagdigma sa mga taong yaon; sapagka't binigyan siya ng Panginoon ng kapahingahan. 7 Sapagka't sinabi niya sa Juda, Itayo natin ang mga bayang ito, at gawan sa palibot ng mga kuta, at ng mga moog, ng mga pintuang-bayan, at ng mga halang; ang lupain ay nasa harap pa natin, sapagka't ating hinahanap ang Panginoon nating Dios; ating hinanap siya, at binigyan niya tayo ng kapahingahan sa lahat ng dako. Sa gayo'y kanilang itinayo at nagsiginhawa. 8 At si Asa ay may isang hukbo na may dalang mga kalasag at mga sibat, na mula sa Juda, na tatlong daang libo; at mula sa Benjamin, na nagdadala ng mga kalasag at nagpapahilagpos ng mga busog na dalawang daan at walong pung libo: lahat ng mga ito ay mga makapangyarihang lalake na matatapang. 9 At lumabas laban sa kanila si Zera na taga Etiopia na may hukbo na isang angaw, at tatlong daang karo; at siya'y naparoon sa Maresa. 10 Nang magkagayo'y lumabas si Asa na sumalubong sa kaniya, at sila'y nagsihanay ng pakikipagbaka sa libis ng Sephata sa Maresa. 11 At si Asa ay dumaing sa Panginoon niyang Dios, at kaniyang sinabi, Panginoon, walang iba liban sa iyo na makatutulong, sa pagitan ng makapangyarihan at niya na walang lakas: tulungan mo kami, Oh Panginoon naming Dios: sapagka't kami ay nagsisitiwala sa iyo, at sa iyong pangalan ay kami nagsisiparito laban sa karamihang ito. Oh Panginoon, ikaw ay aming Dios; huwag mong panaigin ang tao laban sa iyo. 12 Sa gayo'y sinaktan ng Panginoon ang mga taga Etiopia sa harap ni Asa, at sa harap ng Juda; at ang mga taga Etiopia ay nagsitakas. 13 At si Asa at ang bayan na kasama niya ay nagsihabol sa kanila hanggang sa Gerar: at nangabuwal sa mga taga Etiopia ang totoong marami, na anopa't sila'y hindi makabawi, sapagka't sila'y nalansag sa harap ng Panginoon, at sa harap ng kaniyang hukbo; at sila'y nagsipagdala ng totoong maraming samsam. 14 At kanilang sinaktan ang lahat na bayan sa palibot ng Gerar; sapagka't sila'y naratnan ng takot sa Panginoon; at kanilang sinamsaman ang lahat na bayan; sapagka't maraming nasamsam sa kanila. 15 Kanila rin namang sinaktan ang mga toldang silungan ng mga hayop, at nagsipagdala ng mga tupa na sagana, at mga kamelyo, at nagsibalik sa Jerusalem.” (2 Cronica 14:1-15)***

***“1 Sa gayo'y natulog si Abias na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa bayan ni David, at si Asa na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. Nang kaniyang mga kaarawan ay tahimik ang lupain na sangpung taon.” (2 Cronica 14:1)*** Si Haring Asa ay ang panglima mula kay Haring David, Solomon, Rehoboam, Abijah pagkatapos si Asa. Siya ay isa sa mga mabubuting hari na namuno sa Judah. ***“9 At nang ikadalawang pung taon ni Jeroboam na hari sa Israel ay nagpasimula si Asa na maghari sa Juda. 10 At apat na pu't isang taong naghari siya sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Maacha, na anak ni Abisalom.” (2 Hari 15:9-10) “2 At gumawa si Asa ng mabuti at matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon niyang Dios:” (2 Cronica 14:2):*** Si Haring Asa ay ginawa ang mabuti sa paningin ng Dios at hindi sa kung anong mabuti sa paningin ng mga tao. Si Haring Asa ay ginawa ang sumusunod na mabubuting bagay:-

***1. “3 Sapagka't kaniyang inalis ang mga dambana ng iba, at ang mga mataas na dako, at pinagputolputol ang mga haligi, at ibinagsak ang mga Asera,” (2 Cronica 14:3)*** Inalis ni Haring Asa ang maling mga paraan ng pagsamba at ang maling gawi ng buhay. Kailangan nating pagsikapan na alisin ang mga maling kaparaanan ng pagsamba sa Dios at mga dios-diosan at ang maling kaparaanan ng buhay na ginagawa ng mga tao, at ituro sa mga tao ang tamang paraan upang mabuhay.

*Ang sumusunod ay ang ilan sa mga iniidolong ito na kailangang patuloy na paglabanan. Bagama't tinalakay natin ito dati, ilan sa atin ay kinakailangan pa na mapaalalahanan upang lubos na isuko ang lahat ng mga iniidolong ito sa kanilang maling gawi.*

**A**. Ang idolo ng pagnanasa sa anyo ng sekswal na immoralidad sa anyo ng pagkikipagtipan, pagliligawan, pagkakaroon ng kasintahan, pakikiapid, pagsasama ng hindi kasal, wala sa batas na pag-aasawa sa anyo ng muling pag-aasawa, at pagtanggap sa isang solong ama, isang solong ina upang magpakasal sa iba bukod sa ina o ama ng kanya o kanyang anak o mga anak.
**B**. Ang idolo at ang pagkaing inihandog para sa mga diosdiosan gaya ng inilarawan dito.

- Ang pagdiriwang ng Pasko pagkatapos ng diyos araw ng pagano. Kasama ang Santa Claus, ang mga punongkahoy ng pasko, katamaran ng mahabang bakasyon ng 2-3 linggo, ang pagpapalitan ng mga regalo, mga pagdiriwang, at labis labis na pagasta, lahat ng ito ay ginawa ng mga pagano para sa kanilang diyos ng araw sa kanilang mga pagdiriwang. Ang kapistahan ng mga pagano na bininyagan ng Simbahang Katoliko hanggang sa ngayon ang mga Simbahang Kristiyano ay nahawahan ng lahat ng nabanggit na mga kasanayan na ganap na wala sa Biblia.
- Ang pagdiriwang ng Bagong Taon. Ang pagdiriwang ng araw ng kapanganakan, at anibersayo ng kasal, mga pangyayari, at mga pagdiriwang na niluluwalhati ang tao at hindi ang Dios. Muli ang ganitong mga pagdiriwang ang ugat nito ay kinuha mula sa sanglibutan at hindi mula sa Banal na Kasulatan at pinagtibay sa simbahan ng Diyos.
- Pagdiriwang ng Araw ng ama, Araw ng Ina, Araw ng mga babae, Araw ng pagkakaibigan, kinuha mula sa sanglibutan at ipinakilala sa simbahan
- Halloween (Pagaani), Araw ng mga Santo, Araw ng mga Puso, Buwan ng Pastor, pagdiriwang ng unang babae, at maari mong pag dagdagan sa listahan, para sa halos lahat ng kultura, ang mga pangkat ng etniko ay nagdagdag ng mga kinikilalang idolo at araw para sa mga pagdiriwang nang walang anumang biblikal na kadahilanan sa buhay ng simbahan.

**C**. Ang idolo ng kasakiman, ang pagmamahal sa pera, at kasakiman, ***"Sapagka't talastas ninyong lubos, na sinomang mapakiapid, o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Dios." (Epeso 5:5) "5 Patayin nga ninyo ang inyong mga sangkap ng katawang nangasa ibabaw ng lupa, pakikiapid, karumihan, masamang pita, masasamang nasa, at kasakiman, na iya'y pagsamba sa mga diosdiosan;" (Colosas 3:5)***

***2. "5 Kaniya rin namang inalis sa lahat na bayan ng Juda ang mga mataas na dako at ang mga larawang araw: at ang kaharian ay tahimik sa harap niya." (2 Cronica 14:5)*** Inalis ni Haring Asa ang matataas na lugar. Ang matataas na lugar ay mga lugar na panloob na ipinagbabawal sa mga tao na sumamba doon sa Dios. Sila ay mayroong sentralisadong anyo ng pagsamba kung saan kailangan nilang gawin sa loob ng templo ng Dios sa Jerusalem sa ilalim ng pamamahala ng nga pari at hindi sa ibang lugar. Ngunit ang mga tao ay pumupunta sa matataas na dako kung saan maari nilang gawin ang kanilang gusto at kung ano ang kanilang gustuhin ng walang pagsusuri ng mga pari sa templo. Ang mga pari sa matataas na dako sinusunod nila ang kahilingan ng mga tao at hindi nila dinidisiplina sila. Sa matataas na dako inilalaan nila at inilalagak nila ang kanilang kayamanan sa garantiyang lugar na ito. Inilalagay nila ang kanilang kayamanan sa mga bagay na hindi kalooban ng Dios. Ang mga pari sa mataas na dako ay masama at sila'y nagsisiayon sa mg tao at hinahayaan sila na gawin ang anoman ang naisin nila. *Sa parehong paraan, hindi dapat tayong sumabay sa mga tao at sa kanilang nais, at makikompromiso sa kanila at mas naliligaw pa sila. Ang pakikikompromiso ay nililinlang ang mga tao at inilalayo pa sila sa Dios.*

Kailangan nating iwasang pumunta sa mga lugar kung saan tayo ay gagastos ng mga hindi kailangang mga bagay na hindi kalooban ng Diyos. *Kailangan din nating turuan ang ating pamilya at mga anak na iwasan ang paggastos sa mali at hindi kailangang mga bagay. Ganon din kailangan nating sanayin ang ating sarili at ang ating pamilya na huwag pumunta at kumilos na gawin sa ating pansarili, ngunit sa halip gawin ang buong kalooban ng Dios.*

***3. "4 At iniutos sa Juda na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, at tuparin ang kautusan at ang utos." (2 Cronica 14:4)*** Inutusan ni Haring Asa ang mga tao na hanapin ang Dios at gawin ang kanyang mga kautusan. Ito ay napakahirap na harapin ang mga tao at sabihin sa kanila na umalis at hanapin ang Dios, hanapin kung ano ang nakakapagpalugod sa Kanya, at ano ang mga bagay na kailangan nilang gawin at ang mga bagay na kailangan nilang pigilin, at sumunod sa mga kautusan ng Dios. *Kailangan nating dalhin pabalik ang mga tao sa pagbabasa ng Salita ng Dios upang kanilang maunawaan ang kalooban ng Dios at upang ilapat iyon sa kanilang buhay. Pati na rin tayo ay kailangan hanapin ang Dios at tingnan mula sa Kanya ang mabubuting plano na mayroon Siya sa atin at para sa ating mga anak. Kailangan nating hanapin ang Dios at hanapin kung ano ang mga kasalanan na kailangan nating pagsisihan at talikuran. Kailangan nating hanapin kung ano ang mabubuting bagay at ang mabuting gawa na naunang inihanda ng Dios para gawin natin.*

***4. "6 At siya'y nagtayo ng mga bayang nakukutaan sa Juda: sapagka't ang lupain ay tahimik, at siya'y hindi nagkaroon ng pakikipagdigma sa mga taong yaon; sapagka't binigyan siya ng Panginoon ng kapahingahan. 7 Sapagka't sinabi niya sa Juda, Itayo natin ang mga bayang ito, at gawan sa palibot ng mga kuta, at ng mga moog, ng mga pintuang-bayan, at ng mga halang; ang lupain ay nasa harap pa natin, sapagka't ating hinahanap ang Panginoon nating Dios; ating hinanap siya, at binigyan niya tayo ng kapahingahan sa lahat ng dako. Sa gayo'y kanilang itinayo at nagsiginhawa." (2 Cronica 14:6-7)*** Si Haring Asa ay mabuting katiwala sa paggamit ng katalinuhan sa oras ng kapayapaan at mabuting pagkukunan na ibinigay ng Dios sa kanya upang itayo ang nabakurang mga lungsod. *Tayo din sa parehong paraan kailangan nating gamitin ng panahon ng mapayapa at ang pagkukunan na mayroon tayo upang suportahan ang Kanyang gawain at ang ministerio at ang simbahan na ipinagkatiwala sa atin.* Ang Salita ng Dios. ***"Sa gayo'y kanilang itinayo at nagsiginhawa."*** *Samakatuwid, kung susulong tayo at gagawa ng mga bagay na nakabubuti para sa Panginoon, magtatayo tayo at makakamit natin ang mabubuting bagay para sa Kanyang kaluwalhatian, at kapag sinunod at ginawa natin ang mabuting gawain na naunang inihanda Niya para gawin natin, uunlad Niya tayo at pagpapalain ang ating mga anak at uunlad ang mga ito.*

***5. "8 At si Asa ay may isang hukbo na may dalang mga kalasag at mga sibat, na mula sa Juda, na tatlong daang libo; at mula sa Benjamin, na nagdadala ng mga kalasag at nagpapahilagpos ng mga busog na dalawang daan at walong pung libo: lahat ng mga ito ay mga makapangyarihang lalake na matatapang." (2 Crronica 14:8)*** Inihanda at sinanay ni Haring Asa ang mga tao at mga mangagawa para sa pakikidigma. Siya ay handa nang ang kaaway ay lumusob. *Kailangan din nating ipagpatuloy na sanayin at turuan ang bagong manggagawa na gawin ang gawain ng Dios, upang tayo ay maging handa kapag ang kaaway ay lumusob sa atin, pati na rin tayo ay patuloy na sumulong na pumunta at magevangelio, abutin ang mga bagong tao at gawin bagong mga alagad.*

***6. "9 At lumabas laban sa kanila si Zera na taga Etiopia na may hukbo na isang angaw, at tatlong daang karo; at siya'y naparoon sa Maresa. 10 Nang magkagayo'y lumabas si Asa na sumalubong sa kaniya, at sila'y nagsihanay ng pakikipagbaka sa libis ng Sephata sa Maresa." (2 Cronica 14:9-10)*** Ang manunulat ng kabanatang ito ay naisaayos sa isang paraan na pagkatapos na naitayo ni Haring Asa ang nabakurang mga lungsod at pagkatapos niyang pinagtibay ang malakas na mga sandatahan, sa gayon siya ay nilusob ni Zera. Kaya ang lahat ng kaniyang ginawa ay naka programa upang harapin ang pagdating ng mga banta. Tayo sa parehong paraan kailangan nating gawin kung ano ang ipinapamalas ng Dios sa atin na gawin upang tayo ay maging handa na harapin ang pagdating ng mga kaganapan sa bukas na hinaharap. Si Haring Asa ay matapang sa pagharap ng pagdating ng hamon ng mga kaaway. Ang ibig sabihin ng salitang *'Zera'* ay pagtaas. Si Haring Asa ay matapang sa pagharap sa pagtaas ng kaaway laban sa kanya. Kailangan nating magtiwala sa Dios, na habang tayo ay nasunod sa Dios at lumalakad sa lahat ng Kanyang mga paraan Siya ang haharap sa pagtaas ng kaaway at ang mga banta na dumadating laban sa atin. *Sa parehong paraan, kailangan nating ibigay ang ating tiwala sa Dios, at kapag ang kaaway ay tumaas, ang Panginoon ang poprotekta sa atin at panatilihin tayo mula sa kaguluhan at paghihirap.*

***7. "11 At si Asa ay dumaing sa Panginoon niyang Dios, at kaniyang sinabi, Panginoon, walang iba liban sa iyo na makatutulong, sa pagitan ng makapangyarihan at niya na walang lakas: tulungan mo kami, Oh Panginoon naming Dios: sapagka't kami ay nagsisitiwala sa iyo, at sa iyong pangalan ay kami nagsisiparito laban sa karamihang ito. Oh Panginoon, ikaw ay aming Dios; huwag***

***mong panaigin ang tao laban sa iyo." (2 Cronica 14:11)*** Si Haring Asa ay mayroong malaking hukbo at mahusay na kagamitan ngunit siya nahaharap sa mas malaking hukbo kesa sa kanya. Ang ginawa ni Haring Asa ay mabuti na hindi siya umasa sa kanyang hukbo sa kanyang mga kasangkapan ngunit lubos siyang umasa sa Diyos. Nanangis siya sa Dios nang hinarap niya ang pagtaas ng kaaway. *Sa parehong paraan, kapag tayo ay nahaharap sa kaaway, o mga kaguluhan na dumating sa harapan natin, hindi nating kailangang umasa sa mga bagay na mayroon tayo, bagkus kailangan nating umiyak sa Dios. Kailangan nating humiyaw sa Dios sa pananalangin. Atin ngayong daanan ang panalangin ni Haring Asa at ipaliwanag pa.*

***PANGINOON, walang iba liban sa iyo na makatutulong:*** Kaya ng Dios na tulungan tayo sa anomang pangyayari at sa pamamgitan ng pananampalataya matatanggap natin ito.
***Sa pagitan ng makapangyarihan:*** Hindi mahalaga kung iilan tayo, tutulungan tayo ng Dios kahit kakaunti tayo sa bilang.
***O kanila na walang lakas:*** Hindi mahalaga kung gaano kalaki ang kapangyarihan at mapagkukunan na mayroon tayo, tutulungan pa din tayo ng Dios at papaging dapating tayong magwagi kahit na mayroong tayo kakaunting mapagkukunan para sa labanan.
***Tulungan mo kami, Oh Panginoon naming Dios:*** Panginon hindi kami pupunta sa kahit kaninuman, ngunit kami ay sasaiyong pinto, kakatok sa iyong pintuan lamang hanggang ikaw ay bumangon at tulungan kami.
***Sapagka't kami ay nagsisitiwala sa iyo:*** Panginoon lubos kaming magtitiwala sayo. Ikaw lamang ang magbibigay sa amin ng kapahingahan at kami ay magtitiwala na ikaw ay magpapatuloy upang gawing posible na hindi mo hahayaan ang kapahingahan at kapayapaan ay mawalay mula sa amin.
***At sa iyong pangalan ay kami nagsisiparito laban sa karamihang ito:*** Wala kaming ibang sandata o kapangyarihan ngunit ikaw lamang O Panginoon.
***Oh Panginoon, ikaw ay aming Dios;*** huwag mong panaigin ang tao laban sa iyo: Ikaw ang aming Dios at walang ibang Dios sa tabi mo, sa gayon, humihingi kami sa iyo Panginoon kumilos ka sa aming kalagitnaan at huwag panaigin ang tao. Siguradong ang Dios ay didinggin tayo kapag umiyak tayo sa Kanya, at tutulungan Niya tayo. Puruhin ang Dios! Purihin ang Dios!

***8. "12 Sa gayo'y sinaktan ng Panginoon ang mga taga Etiopia sa harap ni Asa, at sa harap ng Juda; at ang mga taga Etiopia ay nagsitakas." (2 Cronica 14:12)*** Si Haring Asa ay nagtiwala sa Dios na tutulungan Niya siya upang magapi ang kaaway. *Sa parehong paraan, kailangan nating magtiwala sa Dios na tutulungan Niya tayo upang magapi ang kaaway na tumataas laban sa atin.* Dito ang Dios mismo ang nanakit sa mga Etiopia sa harap ni Asa. Ang Dios mismo ang mananakit sa ating mga kaaway sa pamamagitan ng Kanyang sarili at haharapin Niya sila.

***9. "13 At si Asa at ang bayan na kasama niya ay nagsihabol sa kanila hanggang sa Gerar: at nangabuwal sa mga taga Etiopia ang totoong marami, na anopa't sila'y hindi makabawi, sapagka't sila'y nalansag sa harap ng Panginoon, at sa harap ng kaniyang hukbo; at sila'y nagsipagdala ng totoong maraming samsam. 14 At kanilang sinaktan ang lahat na bayan sa palibot ng Gerar; sapagka't sila'y naratnan ng takot sa Panginoon; at kanilang sinamsaman ang lahat na bayan; sapagka't maraming nasamsam sa kanila. 15 Kanila rin namang sinaktan ang mga toldang silungan ng mga hayop, at nagsipagdala ng mga tupa na sagana, at mga kamelyo, at nagsibalik sa Jerusalem." (2 Cronica 14:1-15)*** Ang digmaan ay sa Panginoon, kaya kung bakit ang kanilang kaaway ay nagapi at hindi nakayang makabawi ulit. Ang kaaway na pumunta kay Asa sa isang direksyon ngunit sila'y natalo at tumakas sa pitong direksyon at hinabol ni Asa at ng kanyang hukbo. Si Haring Asa at ng kanyang mga tao ay tinipon ang nasamsam na ibinigay ang Panginoon sa kanila. *Sa parehong paraan pagkatapos ng anumang paglusob ng kaaway, at pagkatapos nating umiyak sa Panginoon kailangan nating magtiwala sa Panginoon na Siya ang haharap sa ating mga kaaway, at haharapin Niya sila sa paraang na hindi na sila makakabawi sa paraang hindi na kayang makapunta at lumusob ulit, hahabulin natin sila upang tipunin ang nasamsam.*

***10. "15 Kanila rin namang sinaktan ang mga toldang silungan ng mga hayop, at nagsipagdala ng mga tupa na sagana, at mga kamelyo, at nagsibalik sa Jerusalem." (2 Cronica 14:14-15)*** Si Haring Asa at ang mga taong kasama niya ay tinipon ang mga nasamsam na ibinigay ng Panginoong sa kanila at sinaktan ang tirahan ng kaaway. *Sa parehong paraan, kailangan nating tipunin ang ang nasamsam na ibinigay ng Panginoon sa atin at ipatupad kasama Niya ang Kanyang paghatol at kamitin ang itinalaga Niya para sa atin na gawin.*, Binigyan ng Panginoon si Haring Asa at ang bayan na kasama niya ng malaking nasamsam na kanilang dinala sa Jerusalem, sa bahay ng Dios, kung saan kanilang ihahandog ang bahagi ng mga ito sa Panginoon. *Sa parehong paraan, ang Panginoon ay bibigyan tayo ng malaking samsam na makukuha natin at ibabalik sa Panginoon upang suportahan at isulong ang gawain ng Dios sa Kanyang simbahan.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ito ay sobrang kahanga hanga at malinaw ang pag-unlad ng espirituwal ni Haring Asa na nakamit para sa kanyang sarili at para sa buhay ng bayan ng Dios na kasama niya, at kung paano kaganda ang ibinahagi ng Dios ng malaking tagumpay, pagbabagong buhay, pagpapakabanal, at ang mga taong nakatuon upang bumalik sa Dios at magkaroon ng tipan sa Kanya. Palakasin natin ang loob sa ating narinig at alamin ngayon tungkol sa kung ano ang ginawa ni Haring Asa at kung paano siya sumunod sa Panginoon, at isagawa natin ang layunin ng mensaheng ito sa ating buhay upang tayo ay umunlad, kasama ang ating mga pamilya, ng ating mga anak, ng ating mga alagad, ng ating kapisanan, at ang Simbahan ng Dios.

**Tayo ay manalangin:** *Amang Diyos ako'y lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Panginoon salamat sa iyong salita na ipinakita sa akin ang magagandang layunin kung paanong sundin ka at gawin kung ano ang tama sa iyong paningin.*

*Ipahayag mo ngayon ang iyong mga kasalanan at pagkukulang sa Panginoon. Itakwil ang mga kasalanan ng kawalan ng tiwala sa Dios, kasalanan ng takot sa tao, kasalanan ng kawalan ng mga panalangin, kasalanan ng mga kompromiso, pagsamba sa dios diosan, kasalanan ng katiwalian, atbp. Humingi ng kapatawaran sa Dios para sa lahat ng mga kasalanang ito.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ganap na magtiwala sa iyo, upang alisin mga idolo, kasuklam suklam at maling mga gawi sa aking buhay at sa buhay ng mga tao na nasa paligid ko, yaong mga nasa ilalim ng aking pangangalaga, at sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon bigyan mo ako ng katatagan at ang katapangan na gawin iyon at protektahan ako mula sa gumagawa ng masama. Panginoon tulad ng pagbibigay ng mga tao upang suportahan si Haring Asa, Panginoon dalhin din ang matatapat na mga tao upang tulungan ako sa ministerio na ipinagkatiwala mo sa akin.*

*Tayo ay umiyak sa Dios upang tulungan tayo mula sa anumang kaguluhan na ating pinagdadaanan _________________.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking kapatid na lalaki at babae na ipinagkatiwala ang kanilang mga sarili upang sumunod sa iyong Salita, Panginoon protektahan sila, ibigay ang para sa kanila, gumawa ng mga himala at kababalaghan sa kanilang buhay. Panginoon ako'y nanalangin na ibigay sa kanila ang bunga ng Banal na Espiritu upang makahawig ang buhay sayo at na ang mga tao ay makita ka sa pamamagitan ng kanilang buhay. Panginoon ako'y nanalangin sa kanila na puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga kaloob na kanilang kailangan na pumunta at magevangelio at makagawa ng bagong alagad at dalhin ang pagbabago na nais mong makita sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong bayan.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan, Panginoon manguna ka sa amin at labanan ang aming pakikibaka at harapin ang mga sumusubok na lusubin kami. Panginoon kami'y umiiyak sayo upang tulungan kami,* ***"PANGINOON, walang iba liban sa iyo na makatutulong, sa pagitan ng makapangyarihan at niya na walang lakas: tulungan mo kami, Oh PANGINOON naming Dios: sapagka't kami ay nagsisitiwala sa iyo, at sa iyong pangalan ay kami nagsisiparito laban sa karamihang ito. Oh PANGINOON, ikaw ay aming Dios; huwag mong panaigin ang tao laban sa iyo."*** *Salamat Panginoon sa pagsagot sa aming mga panalangin at para sa tagumpay na aming natanggap sa pangalan ni Jesus. Amen,*

*Panginoon kami'y nanalangin para sa pagbabagong buhay, nanalangin kami na Ikaw ang magtutuwid sa amin upang alisin ang mga matataas na dako at ang lahat ng mga diosdiosan na ang mga tao'y nagagalak. Panginoon ako'y nanalangin sa paglilinis ng iyong simbahan. Panginoon ako'y nanalangin alisin mo sa amin ang mga ayaw magnais na hanapin ang iyong mukha. Panginoon ako'y nanalangin na patuloy mong ibigay sa amin ang kagalakan, kapayapaan at kapahingahan, upang kami'y makapagpatuloy na umabot ng mga bagong tao, pageevangelio, pagtatanim ng bagong pagaaral ng Bibliya, paggawa ng mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:

AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.